



Seattle
Office of Sustainability
& Environment

Mag-aplay sa Pondo ng Hustisyang Pangkapaligiran ng Seattle (Seattle Environmental Justice Fund)

Sabik ang Office of Sustainability & Environment (OSE) ng Seattle na ihayag na ang [Pondo ng Hustisyang Pangkapaligiran](#) ay **tumatanggap na ngayon ng mga aplikante**. Sa taong ito, maaaring makakamit ng \$250,000 upang suportahan ang mga proyektong pinangungunahan at mabebenipisyuhan ang mga komunidad na pinaka-apektado ng mga isyung pangkapaligiran at ng klima. Kabahagi dito ang mga Itim, mga Katutubo, mga Taong may Kulay, mga imigrante, mga refugee, ang madlang mababa ang kinikita, mga kabataan, at mga matatanda.

Tatanggapin at susuriin ang mga aplikasyon hangga't ito'y dumarating ***sa panahon na ang kabuuan ng pondo ay naihandog na o pagdating ng alas-5 ng hapon (PT) sa Lunes, Oktubre 20, 2024, o kung alin man ang naunang mangyayari***. Ang mga aplikanteng nararapat ay maaaring mag-aplay para sa \$10,000 o sa \$25,000 na gawad.

Ang pagpopondong ito ay para sa Mga Tribu at mga organisasyong maka-tribu, mga hindi kumikitang mga organisasyon, at mga grupong komunidad na nakikipag-trabaho sa kanilang mga komunidad upang paasensuhin ang hustisyang pang-kapaligiran at pang-klima. Ang nararapat na organisasyon o grupong komunidad ay dapat may *karaniwang badyet na \$500,000 o mas-maliit pa* para sa kasalukuyan o nakaraang piskal na taon. Maaaring nakatuon ang mga proyekto, subali't hindi limitado sa, sining at pagkukwento, edukasyon sa komunidad, pagtatatag ng pagka-organisasyon at kapasidad ng komunidad, pagbabagay at katatagan sa nagbabagong klima, pagdulot ng galing at kasanayan na may kinagagawan sa berdeng trabaho*, at pagpapalano at pagtatanaw ng komunidad.

Kung kayo'y interesadong malaman pa ang tungkol sa Pondo, pagusapan ang ideya ng proyekto, o magsumite ng panukala, mangyaring gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Mag-email sa equityenviro@seattle.gov upang makipagkita sa isang Technical Assistance Consultant. *Itoy malugod na tinutulak para sa lahat ng interesadong aplikante.*
- Sumapi sa isa sa dalawang birtwal na mga sesyon sa pagbibigay-impormasyon.
 - *Martes, ^{ika-27} ng Agosto alas-12 ng tanghali - ala-1 ng hapon* [dito ang link sa zoom](#)
 - *Lunes, ^{ika-9} ng Setyembre alas-6 ng gabi - alas-7 ng gabi* [dito ang link sa zoom](#)

Naririto rin kami upang masagot ang mga katanungan gamit ang email at malugod namin ipagpipilitan ang mga interesadong partido na makipag-ugnay sa amin sa equityenviro@seattle.gov. Maaari niyo rin bisitahin ang seattle.gov/environment/ejfund upang malaman pa, mag-aplay, at subaybayan ang lagay ng makukunan pang pagpopondo.

*para sa layunin ng EJ Fund, ang mga berdeng trabaho ay kinikilalang bilang mga trabaho at mga karera sa loob ng kontekstong tumutugon sa pagbabago ng klima at sa pagpapanatili.

